# 多言語情報コーナー　　　　　　　（令和６年　６月号）

## 1. Impormasyon Tungkol sa Serbisyo na Pagkuha ng Sertipikasyon sa Multi-Copy Machines ng mga Convenience Stores.

Maaari ng kumuha ng mga sertipikasyon tulad ng Income Tax Certificate, Residential Tax Certificates, Certificate of Paid Taxes at Tax Exemption Certificates sa multi-function copy machines ng mga convenience stores.

Samantalahin natin ang napakamadaling paraan na ito upang makakuha ng mga nasabing dokumento.

Upang magamit ang serbisyong ito ay kakailanganin ang My Number's Card. At bilang karagdagan maiisyu lamang ang kailangang sertipikasyon kung naitala na ang pagiging residente sa lungsod mula sa unang araw ng fiscal year kung saan kinakailangan ang sertipikasyon. Halimbawa kung hihilingin ang isang certificate para sa taong 2023, kailangan na residente na dapat ng lungsod mula pa sa unang araw ng taon ng 2023.

Ang mga certificates na maaaring iisyu ay ang pinakahuling taon na lumipas ganun din sa dalawang pang nakalipas na taon. Kung kaya ang tax certicate para sa fiscal year 2023 ay ang income na kinita sa taong 2022. Ang Income Tax certificate para sa taong 2022 ay sakop ng kinikata sa buong taon ng 2021. At ang Income Tax Certificate para sa taong 2021 ay ang naitalang kinita sa taong 2020.

Ang Tax Certificate para sa fiscal year 2024 (ang income sa taong sa 2023) ay ilalabas pa lamang sa kalagitnaan ng Hunyo.

Kasama sa mga maaaring puntahan upang makakuha ng serbisyong ito ay ang Seven-Eleven, Lawson, Family Mart, MiniStop at Aeon copy machines.

Ang mga certificates ay maaaring makuha mula alas ng 6:30 ng umaga hanggang alas 11:00 ng gabi.

Ang bayad para kumuha ng mga dokumento sa munisipiyo ay 300 yen samantalang 200 yen lang sa mga serbisyong dulot ng mga convenience stores kaya makakatipid ng 100 yen.

Maaaring tumagal ng humigit kumulang sa dalawang linggo hanggang isang

buwan ang pag-isyu ng kailangang sertipikasyon sa mga itinalagang bayaran pagkatapos magbayad ng mga sabing buwis,

Kung kinakailangan na kaagad ang sertipikasyon sa pagbayad ng buwis ay mangyaring dalhin ang resibo ng pagbayad sa munisipiyo o sa mga iba pang sangay nito.

## 2. Tungkol sa Pagpapatupad ng Flat Rate Reduction para sa Income, Municipal at Prefectural Taxes.

Sa Japan, ang mga presyo ng mga bilihin ay patuloy na tumaas sa mga nakaraang taon. Ang mga mamamayan ay maaaring nakakaramdam na ng hirap sa pananalapi dahil sa mahinang halaga ng yen at pagtaas ng mga presyo. Sa pangkalahatan, kapag tumaas ang mga presyo, ang sahod ay dapat ding tumataas ngunit sa kasalukuyang sitwasyon ang pagtaas ng sahod ay hindi sumasabay sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin

Sa kadahilanang ito, ipapatupad ang "Flat Rate Reduction sa Income at Residential Taxes sa fiscal year 2024.

Ang isang tax payer ay makakatanggap ng tax reduction na 30,000 yen sa kanyang Income Tax at 10,000 yen naman para sa kanyang Residential Tax mula Hunyo ng kasalukuyang taon. Halimbawa, ang isang tax payer na may tatlong dependents ay makakatanggap ng kabuuang 160,000 yen.

Bilang karagdagan, magbibigay ng financial assistance para sa mga nagbabayad ng mababang Income at Residential Taxes dahil hindi na maaaring bawasan ang kanilang mga buwis.

Ang Flat Rate na pagbawas sa buwis ay naaangkop lamang sa mga indibidwal na ang kabuuang kita ay 18,050,000 yen o mas mababa, at ang kanilang mga dependents ay mga residente ng Japan. Ang dependents na naninirahan sa ibang bansa ay hindi karapat-dapat para sa flat rate tax reduction.

Ang reduction sa bayarin sa buwis sa Income at Residential Taxes ay ipagbibigay alam sa mga darating na paunawa mula sa pamahalaang lungsod kaya mangyaring suriin ito.

## 3. Ang Pagpapadala ng Impormasyon Tungkol sa Medical Check-ups sa Taong 2024.

Sa Tochigi City, isang asul na sobre na naglalaman ng "Impormasyon sa 2024 Medical Check-ups"ay naipadala na sa mga householders mula pa noong kalagitnaan ng kasalukuyang buwan ng Mayo.
Sa loob ng sobre ay isang ``Kenshin Passport" (Pagsusuring Medikal na Pasaporte) para sa lahat na miyembro ng pamilya na lampas sa edad na 20 taong gulang at isang ``Kenshin Guidebook" para sa indibidwal na miyembro ng pamilya
. Ang ``Kenshin Passport" ay isang buklet na naglalaman ng impormasyon sa mga pagsusuring medikal at mga medical check-up stubs para sa mga indibidwal na miyembro ng household na higit sa 20 taong gulang.
Ang ``Kenshin Guidebook" ay isang buklet na nagtitipon ng impormasyon tungkol sa mga naging karaniwan na medical check-ups ng mga miyembro ng pamilya. Ang iskedyul para sa bawat lugar kung saan gaganapin ang group medical check-ups gayundin kung anong klaseng pagsusuri ang ang gagawin para sa group at indibidwal na medical check-ups ay nakasaad dito.
Magsisimula ng tanggapin ang reserbasyon para dito mula Martes ika-28 ng Mayo. Upang mapahalagahan ang sariling kalusugan, tiyaking magpa-medical checkup kahit minsan sa isang taon.